

**FILIPINO SCRIPTS FOR  
WOMEN TALK PEACE: Radio Productions on the UN Security Council Resolution 1325**

**Ang Kababaihan sa Asya-Pasipiko at ang Resolusyon 1325 tungkol sa Kababaihan, Kapayapaan, at Seguridad - talakayan**

13:12 minuto

*SFX: blasts, gun shots, children crying*

1. **Zorayda:** Sawang-sawa na ako sa gyera. Bata pa ako, nagbabakwet na tayo. Lagi na lang tayong naghahanap ng masisilungan...hindi na nga natin alam kung anong pakiramdam ng may permanenteng bahay...kung paanong mamuhay bilang isang pamilya. Ayaw ko ng magbakwet! Ang sikip-sikip doon, ang init-init! Laging kulang ang pagkain, laging walang tubig. Kapag nahinto sandali ang labanan, gusto ng gobyerno bumalik tayo sa mga baryo natin.

2. **Fatima:** Oo nga, pero wala na rin naman tayong mababalikan 'di ba? Lahat ng pwedeng pakinabangan, ninanakaw na. Paano naman tayo mabubuhay sa lugar na wasak wasak? Pareho tayong, sawang-sawa na sa ganitong buhay—laging naghihirap, lagging natatakot. Pero ayaw ko nang umalis. Hindi ako susuko. May pag-asa pa. Pwede naman tayong mamuhay ulit ng normal 'di ba?—naniniwala ako na malaki ang magagawa nating mga kababaihan para magbago ang ating kalagayan. (*lagyan ng ethnic music—papahina habang lumalakas ang boses*)

3. **Tagapagsalysay (Narrator) (babae):** Sina Zorayda at Fatima ay mga Muslim mula sa Lanao del Sur. Sila at ang kanilang mga pamilya ay naghihirap dahil sa armadong labanan sa pagitan ng mga sundalo ng gobyerno at ng pinaghihinalaang rebeldeng Muslim. Mahigit 30 taon na ang labanang ito. Tulad nina Zorayda at Fatima, maraming iba pang kababaihan ang gustong tumulong sa paglutas ng kaguluhan at mabuo uli ang kanilang mga komunidad. (*lagyan ng ethnic music—papahina habang lumalakas ang boses*)

4. **Tagapagsalysay (Narrator) (lalaki):** Ang labanan sa ilang bahagi ng Mindanao at iba pang parte ng bansa ay nagdudulot ng ibayong pahirap sa ating mga kababayan. Noong taong 2000, higit sa isang milyong Pilipino ang nawalan ng tirahan—karamihan ay mga babae at mga bata. Dobleng pasakit ang nararanasan ng kababaihan. Malayo sa kanilang tirahan at kabuhayan, ang mga babae ang naniniguro na may makakain ang pamilya, at ang mga bata at matatanda ay nasa mabuting kalagayan. Kadalasan, sila rin ang naghahanap-buhay. Sa panahon ng gyera, maraming babae ang nagagahasa at nasasaktan. Sari-saring pang-aabuso ang kanilang dinaranas sa kamay ng mga sundalo at ng mga armadong grupo.

5. **Tagapagsalysay (Narrator) (babae):** Hindi lamang ang mga Pilipina ang dumaranas ng ganitong hirap dahil sa gyera. Sa maraming bansa sa Asya-Pasipiko, ang mga kababaihan ay naghihirap bunga ng mga marahas na labanan. Dahil sa mga labanang ito, ang mga babae at mga bata ang nagiging refugees. Marami na ring kababaihan ang naging byuda dahil sa gyera—40,000 sa Sri Lanka at 50,000 sa Afghanistan. Ibig sabihin nito, maraming babae na ang sa ngayon ay mag-isang nagtataguyod ng kanilang pamilya—anong mabuti naitng gawin? Isa sa mga resulta ng gyera ay ang karahasan laban sa kababaihan. Sa mga lugar na kung saan ang kapaligiran at ang pinagmumulan ng kabuhayan ay wasak na, napipilitang magbenta ng kanilang katawan ang ilang kababaihan. Kahit sa mga “refugee camps”—na dapat sana ay ligtas na sa gyera—ang sapilitang prostitusyon ay karaniwang nagyayari. Ang panggagahasa ay ginagamit din para makaganti sa kalaban. Noong magkaroon ng labanan sa Bangladesh, tinatayang 200,000 kababaihan at batang babae ang ginahasa ng mga sundalong Pakistano. Sa labanan naman sa Jammu at Kashmir, may 880 babae ang naiulat na pinagtulung-tulongang gahasain ng mga sundalong Indian. May mga ulat din ng panggagahasa sa mga kababaihan sa Irian Jaya at Aceh sa Indonesia at Papua New Guinea. Marami pang mga ganitong kaso ng pang-aabuso sa mga kababaihan—ganito na lang ba ng ganito?

6. **Tagapagsalysay (Narrator) (lalaki):** Hindi. Hindi na dapat pang magpatuloy ang ganitong kalagayan. Ang mga bagay na dati'y hindi pinag-uukulan ng pansin ay pinag-uusapan ng ngayon sa pinaka-mataas na antas. Noong Oktubre 2000, ang United Nations Security Council ay nagpasa ng isang mahalagang resolusyon—ang Resolution 1325 tungkol sa isyu ng kababaihan, kapayapaan, at seguridad. Ito ang kauna-unahang resolusyon na ipinasa ng Security Council na tumutugon sa epekto ng gyera sa kababaihan at sa kanilang kontribusyon sa paglutas ng labanan at pagsusulong ng kapayapaan. Binibigyang diin ng Resolution 1325 na dapat na kalahok ang kababaihan sa lahat ng antas ng pagpapasya sa mga usapin ng seguridad at kayapaan at nararapat na protektahan ang kababaihan sa oras ng labanan.

7. **Tagapagsalysay (Narrator) (babae):** Matapos na maipasa ang Resolution 1325, ang United Nations ay naglabas ng dalawang pag-aaral hinggil sa kababaihan, kapayapaan at seguridad at kababaihan, kapayapaan at digmaan. Pinatutunayan ng mga pag-aaral na ito ang mga pang-aabusong dinaranas ng mga kababaihan sa panahon ng gyera kasama na ang pagkawala o pagkakulong ng kababaihan. Alam na natin na nagyayari ang ganito—may malinaw na ebidensya. Sapat na bang magkaroon ng ebidensya? May magbabago ba kung may ebidensya tayo?

8. **Leticia Ramos Shahani (LRS):** Gusto kong sagutin ang tanong na 'yan pero magpapakilala muna ako. Ako po si Leticia Ramos Shahani. Marami na akong karanasan sa buhay pero ang isa sa mga hindi ko malilimutan ay noong naging Secretary General ako ng Third UN World Conference on Women noong 1985 sa Nairobi, Kenya. Kapag naisip ko ang mga problema ng kababaihan sa ngayon, lagi kong naa-alala ang mga usapan namin at debate sa Nairobi noon. Ang komperensya sa Nairobi ay nakatulong ng malaki sa paglilinaw ng isyu ng kababaihan dahil doon nagsama-sama ang mga kababaihan mula sa iba't ibang parte ng mundo para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at papel sa lipunan. Dapat nating gamitin ang ganong dedikasyon at 'commitment' ng mga kababaihan para ipalaganap at gamitin itong resolusyon tungkol sa kababaihan, kapayapaan at seguridad.

9. Ano po ang ibig nyong sabihin kapag sinabi nyong dapat ipaglaban ng kababaihan ang kanilang papel sa pagpapalaganap ng kapayapaan at seguridad? Hindi pa po ba sapat na ang Security Council—ang pinakamaimpluwensyang istruktura sa United Nations—ay nagpasa na ng resolusyon?

10. **LRS:** Hindi. Hindi sapat yon. Isa sa mga natutunan ko sa aking mahabang karanasan sa public service dito sa bansa at maging sa internasyonal, ay 'yong kung gusto nating may mangyari sa mga batas at polisiya, kailangang aktibong kalahok ang mga kababaihan. Sila talaga ang nagtitiyak na ang mga batas at polisiya na yan ay may kabuluhan sa ating lipunan, sa ating pang araw-araw na buhay. Unang hakbang na kailangan nating gawin ay ipalaganap sa publiko ang Resolution 1325. Kasunod nito ay ang pagtitiyak na ito ay magamit para sa magandang pagbabago.

11. **Tagapagsalaysay (Narrator) (babae):** Kapag sinabi ninyong dapat alam ng mga kababaihan ang Resolution 1325, ang ibig nyo bang sabihin ay mamigay ang mga kababaihan ng mga kopya ng resolusyon sa lahat ng meetings nila pati na sa mga kalsada, malls, eskwela, at iba pang pampublikong lugar?

12. **LRS:** Tama yon, dapat alam ng lahat ng kababaihan ang Resolution 1325 pero hindi sapat yon. Hindi lamang mga kababaihan ang dapat na nakakaalam nito at lalong hindi dapat sila lamang ang dapat maging responsable sa pagpapatupad nito. Kapag tiningnan mong mabuti ang Resolution 1325, makikita mo na lahat ng mamamayan ay may papel sa pagpapatupad nito. Ang mga guro, ang media, ang mga doctor, ang mga NGOs, ang mga organisasyon sa komunidad—lahat ay may kanya-kanyang papel. Ang dapat nating itanong ngayon sa mga sarili natin ay: Ano ang silbi ng Resolution 1325 sa ating bayan? Sa ating komunidad? Ano ang silbi nito sa ating mga sarili at paano tayo makakatulong para isulong ito?

13. **LRS:** Sa tatlong 'p' na nabanggit kanina, pinakamahalaga para sa akin ang participation. Mahalaga na matiyak na kasali ang mga kababaihan sa paghahanap ng paraan na maiwasan ang mga marahas na labanan, mareolba ang mga kasalukuyang paglalaban, at maisulong ang tunay at ganap na kapayapaan. Kahit marami na tayong masasabing tagumpay mula noong unang UN World conference noong 1975, marami pa tayong dapat gawin sa usapin ng kapayapaan at seguridad. Ang isyung ito ay karaniwang nilalahukan lamang ng kalalakihan kahit pa ang katawan ng mga babae ay ginagamit na rin sa labanan. Hindi natin dapat hayaan na lalaki lamang ang nag-uusap tungkol sa mga isyung ito. At yon ang sinasabi ng Resolution 1325. Sinasabi din nito na dapat suportahan ang paglahok ng kababaihan sa mga isyung ito—halimbawa, dapat gumawa tayo—kasama ang gobyerno, ang media, at iba pa—ng listahan ng pangalan ng mga kababaihang eksperto sa iba't ibang larangan o may mga posisyon sa iba't ibang opisina ng gobyerno. Makatutulong ito kapag nagbubuo ng mga komite o mga organisasyon na magpapalaganap ng layunin ng Resolution 1325. Para hindi nila masabi na wala kasing mga babaeng may kwalipikasyon o nakakaalam ng mga isyu. Tayong mga kababaihan sa Asia-Pacific ay may malaking responsibilidad na tiyakin na ang mga layunin ng Resolution 1325 ay maipatupad at maipalaganap. Kailangang mabigyang kaalaman natin ang lahat ng kababaihan sa abot ng ating makakaya. Lalong-lalo na yong apektado ng mga marahas na labanan—upang magamit nila ang resolusyong ito para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at makapagtayo tayo ng mga mapayapang lipunan. Ito ang batas. Ito ang simula at ito ay magmumula sa atin.

14. **Tagapagsalaysay (Narrator) (babae):** Makipag-alam at makialam! Suportahan ang paglahok ng kababaihan sa pag-iwas sa kaguluhan, sa paghahanap sa solusyon sa kaguluhan, at sa pagsusulong ng kapayapaan. Sumulat, tumawag o bumista sa himpilangito para lalo pang maunawaan ang Resolution 1325 at kung paano ito magagamit sa inyong komunidad.

15. Isang mensahe mula sa International Women's Tribune Centre—isinagawa sa suporta ng Ministry for Foreign Affairs of Finland, the Netherlands Ministry of Foreign Affairs, at ng himpilangito.

*Isinulat ni Mavic Cabrera-Balleza*

## Si Ana, ang Negosyador tungkol sa Kapayapaan

Radio drama on UNSCR 1325 – Filipino

4:12 minuto

1. **Nena** (*ina at maybahay, 35 taong gulang*) at **Ana** (*anak ni Nena — 6 na taong gulang*): 1, 3, 2, 5, 1325. 1,3,25, 1325.
2. **Alberto** (*asawa ni Nena*): Hoy, Nena, anong 1,3,2,5? Tinuturuan mo bang magbilang ang anak mo?
3. **Ana**: Hindi po Tay! Ikinukwento ni Nanay yung meeting nila sa barangay kanina. (*sabay na nagsasalita kay Nena pero tila malayo sa mikropono*)
4. **Nena**: Ano ka ba naman, hindi ko sya tinuturuang magbilang. Sinasabi ko sa kanya yung tungkol sa meeting naming kung saan pinagusapan namin ang United Nations Security Council Resolution 1325—batas ito tungkol sa papel ng kababaihan sa pagpapalaganap ng kapayapaan. (*Mahinahong nagpapaliwanag*)
5. **Ana**: Tay, sabi ni Nanay, dapat daw alam ng mga babae ang mga batas pati n a ang mga nagyayari sa bansa natin. Gusto ko rin pong sumama sa meeting!
6. **Alberto**: Aba, mukhang maganda yan ah. Ipaliwanag mo nga Nena at ng maintindihan ko rin.
7. **Nena**: Gaya ng sinabi ko, nag-meeting kami kanina tungkol sa Resolution 1325 — nung una ko itong marinig, ang una kong tanong ay kung ano ang silbi nito sa mga babaeng katulad ko. Pero nung marinig ko ang mga paliwanag, mahalaga pala ito dahil ipinag-uutos nito na dapat kasali ang mga babae sa pagpapasya para malutas na ang mga armadong labanan.
8. **Alberto**: Hay naku Nena, magpakatotoo ka nga! Paano mo naman nasabing may alam ang mga babae sa isyu ng kapayapaan at seguridad?
9. **Nena**: (*Tila naiinis pero nagpipilit pa ring magpasensya*) Seryoso ako Alberto. Talagang dapat kasali ang kababaihan sa mga pag-uusap at pagpapasya para maiwasan na ang mga armadong labanan, makahahapan ng solusyon sa kaguluhan, at maisulong ang kapayapaan. At kaya naming mga babae yan.
10. **Alberto**: Kung talagang magaling kayo, bakit walang mga babae na kasali na sa mga naunang pag-uusap tungkol dyan? Bakit hindi kayo magpakita ng galling ninyo?
11. **Nena**: Kasi nga hindi kami binibigyan ng pagkakataon. Ang paniniwala ng karamihan, panglalaki lamang ang usapang yan.. Pinalaki kami na wala kaming kakayahang sa ganyang usapin. Kailangan ng mabago ang paniniwalang yan. Kaming mga babae ay dapat magkaroon ng tiwala sa aming mga sarili na kaya naming makilahok at magpasya sa usapin ng kapayapaan at seguridad. Sa meeting kanina, pinag-usapan namin ang pag-oorganisa ng leadership at public speaking training bilang paghahanda sa pagsali namin sa mga diskusyon tungkol sa mga batas at polisiya.
12. **Alberto**: Eh ano nga ba talaga ang magagawa ninyo? Aber?
13. **Nena**: Sasabihin namin sa gobyerno at sa mga kasali sa armadong labanan na dapat nilang i-respeto ang mga evacuation camps. Dapat itong maging ligtas na lugar para sa mga sibilyan. Hihilingin din naming sa gobyerno na maglagay ng disentang tuluyan, sapat na tubig at hiwalay na comfort rooms para sa mga babae at lalaki.
14. **Alberto**: Aba, babaguhin pala ng mga babae ang mundo? (*tila nanunuya*)
15. **Nena**: Gagawin namin ang aming makakaya—lalo na ang pagsusulong ng papel ng kababaihan. Ganyan naman nagsisimula ang pagbabago. lilan lamang ang nakakaalam ng Resolution 1325 —isa sa mga una naming gagawin ay ipaalam ito sa maraming kababaihan.
16. **Alberto**: Mukhang maganda nga yan. Sige, pumunta ka na sa mga meeting ninyo at ako na ang bahala sa mga bata.
17. **Ana**: Hindi, Tay. Sasama ako sa mga meeting ni Nanay. Nanay sama ako ha?
18. **Nena**: Syempre naman anak. Sasama ka kay Nanay. Ikaw ang isa sa mga susunod na peace negotiators dito sa Mindanao.

19. **Narrator (babae):** Makipag-alam at maki-alam! Suportahan ang paglahok ng kababaihan sa pag-iwas sa kaguluhan, sa paghahanap sa solusyon sa kaguluhan, at sa pagsusulong ng kapayapaan. Sumulat, tumawag o bumista sa himpilang ito para lalo pang maunawaan ang Resolution 1325 at kung paano ito magagamit sa inyong komunidad.

20. Isang mensahe mula sa International Women's Tribune Centre – isinagawa sa suporta ng Ministry for Foreign Affairs of Finland, the Netherlands Ministry of Foreign Affairs, at ng himpilang ito.

*Isinulat ni Mavic Cabrera-Balleza*

### **Alam ba Ninyo?**

Radio Plug on UNSCR 1325

- mahabang bersyon

1:45 minutes

1. Alam ba ninyo na noong 2000, ipinasa ng United Nations Security Council ang isang mahalagang resolusyon tungkol sa kababaihan, kapayapaan at seguridad? Ito ang Resolution 1325 na naglalayong tiyakin na kalahok ang kababaihan sa pag-iwas mula sa marahas na labanan, paglutas ng kaguluhan at pgsusulong ng kapayapaan?

2. Mahalaga ito lalo na para sa ating mga Pilipino. Noong 2000 lamang, higit sa isang milyong Pilipino ang nawalan ng tirahan at ikinabubuhay dahil sa labanan sa ilang bahagi ng Mindanao.— karamihan sa kanila ay mga babae at mga bata.

3. Dahil matindi ang epekto ng marahas na labanan sa kababaihan, marapat lamang na kasali tayo sa paghahanap ng solusyon sa mga ito. Tinitiyak ng Resolution 1325 na kasali ang kababaihan sa pagpapasya sa mga usaping pangkapayapaan.

4. Madali itong sabihin pero mahirap gawin. Ang mga babae ay pinalaki sa paniniwalang ang usapin ng kapayapaan at seguridad ay panlalaki lamang. Ang mga lalaki naman ay nag-aakalang sila lamang ang nakakaalam sa mga ganitong isyu at ang mga babae ay sumasang-ayon din sa paniniwalang ito. Kailangan ng mabago ito.

5. Suportahan ang paglahok ng kababaihan sa pag-iwas sa kaguluhan, sa paghahanap ng solusyon sa kaguluhan, at sa pagsusulong ng kapayapaan. Sumulat, tumawag o bumisita sa himpilang ito para lalo pang maunawaan ang Resolution 1325 at kung paano ito magagamit sa inyong komunidad. Isang mensahe mula sa International Women's Tribune Centre –sa tulong ng Ministry for Foreign Affairs of Finland, the Netherlands Ministry of Foreign Affairs, at ng himpilang ito.

*Isinulat ni Mavic Cabrera-Balleza*

### **Alam ba Ninyo?**

**Radio Plug on UNSCR**

1325 – short version

1:08 minutes

Alam ba ninyo na noong 2000, ipinasa ng United Nations Security Council ang isang mahalagang resolusyon tungkol sa kababaihan, kapayapaan at seguridad? Ito ang Resolution 1325 na naglalayong tiyakin na kalahok ang kababaihan sa pag-iwas mula sa marahas na labanan, paglutas ng aguluhan at pagsusulong ng apayapaan? Mahalaga ito lalo na para sa ating mga Pilipino. Noong 2000 lamang, higit sa isang milyong Pilipino ang nawalan ng tirahan at ikinabubuhay dahil sa labanan sa ilang bahagi ng Mindananao. Karamihan sa kanila ay mga babae at mga bata. Dahil matindi ang epekto ng marahas na labanan sa kababaihan, marapat lamang na kasali tayo sa paghahanap ng solusyon sa mga ito. Tinitiyak ng Resolution 1325 na kasali ang kababaihan sa pagpapasya sa mga usaping pangkapayapaan. Isang mensahe mula sa International Women's Tribune Centre – sa tulong ng Ministry for Foreign Affairs of Finland, the Netherlands Ministry of Foreign Affairs, at ng himpilang ito.

*Isinulat ni Mavic Cabrera-Balleza*